دار زايد للثقافة الإسلامية
Zayed House For Islamic Culture

يوم المرأة الإماراتية
EMIRATI WOMEN'S DAY
August 28 أغسطس

# Emirati Women's Day

## Emirati Women's Day

Sa ika 28 ng August sa taong ito, ang UAE ay magdiriwang ng Emirati Women's day. Ang okasyon na ito ay para iparating ang kahalagahan ng mga kababaihan sa komunidad para sa ika-uunlad nito. Ito rin ay parangal sa kontribusyon nila sa lahat ng aspeto. Sumasalamin ito sa pagbibigay importansya ng pamumuno ng UAE sa kababaihan at pangangailangan nila na hikayatin sila sa lipunan. Ang okasyong paggunita sa General Women's Union ay itinatag noong ika 28 ng August 1975, na nagmula sa pamumuno ni HH Sheikha Fatima Bint Mubarak, Chairwoman of the General Women's Union, Supreme Chairwoman of the Family Development Foundation and President of the Supreme Council for Motherhood and Childhood.

## 2018 Women's Day Slogan

Ang 2018 slogan ay nagwiwika ng: "ang kababaihan sa yapak ni Zayed" ay isinatupad ni HH Sheikha Fatima Bint Mubarak para ipagdiwang ang 'Year of Zayed' at pagtibayin ang kanyang daan para sa buhay ng kababaihan.

## Comprehensive Record

Ang unang edisyon ng Emirati Women Day ay ipinagdiwang noong 2015 para parangalan ang babaeng sundalo, ang kanilang tungkulin, sakripisyo, at walang katapusang kontribusyon para pagserbisyuhan ang bayan.

Noong 2016, isang plataporma ang inlunsad para ipagdiwang ang Emirati Women, na naglalayon na buksan ang produktibong komunikasyon kasama ang lipunan at pakinabangan ang bawat mungkahi. Ito ay para sa ika-uunlad ng bawat serbisyo sa komunidad na magpapa-unlad ng mga kababaihan at pagbutihin ang mga ilang serbisyong kaugnay dito.

Samantalang noong 2017, ang slogan na 'mga kababaihan katambal sa kabutihan at pagbibigay' ay napili para bigyang pansin ang papel ng mga babaeng Emirati at kanilang patuloy na kontribusyon sa kawang-gawa at pagtulong saan man sa mundo.

## Ang mga kababaihan sa Yapak ni Zayed

Tulad ng kagandahan ng pahayag na nasa itaas sa bawat lokal, ito ay nagbibigay ng magandang kaisipan. Lalo na at ito ay nagbibigay galang sa mga kababaihan habang hinihikayat sila na sundan ang yapak ng yumaong Zayed; na kung saan sila ay pantay na tinuturing pagdating sa kasarian. Para sa mga kababaihan ay ang labis na pangangalaga sa kanyang pamumuno. Siya ay masigasig na nagpapalakas sa mga kababaihan at tulungan sila na malampasan ang bawat pagsubok para sa kanilang pag-unlad at kumpletong karapatan. Parehong mithiin din ang pinatili ni HH Sheikh Khalifa Bin Zayed Al Nahyan, President of the UAE (Proptektahan siya nawa ng Allah) na di lamang umalalay, kundi pinalawak niya ang kontribusyon ng mga kababaihan sa serbisyo sa bayan hanggang sa mataas na pulitika, pamamahala, pag-gawa ng batas bilang pagsali nila sa paggawa ng desisyon at pagtayo sa hinaharap.

## International Appraisal

Ayon sa World Economic Forum sa 2017 report, ang UAE sa GCC ay una at rehiyonal na pangalawa pagdating sa pagkakapantay-pantay ng kasarian. Ang report ay nagsilbi bilang pandaigdigang pagkilala sa liderato ng UAE sa garantiyang karapatan ng kababaihan at kanilang dignidad sa buhay.

Sa bagay na ito, ang HH Sheikh Khalifa Bin Zayed Al Nahyan, President of the UAE (protektahan siya nawa ng Allah) ay paulit-ulit na binigyang diin ang malaking papel ng kababaihan sa lipunan. Kanyang sinabi: 'wala ng mas magpapasaya sa'kin, kundi ang makita ang kababaihang Emirati na malakas at malayo sa kahit anu mang hadlang. Pagdating sa tamang kwalipikasyon, ang kababaihan ay may parehong karapatan sa kalalakihan para makuha ang pinakamataas na posisyon sa abot ng makakaya

## Ang Kababaihan at Serbisyong Panlipunan

Dahil sa kanilang kakayahan, ang kababaihan ay ehemplo sa bawat sektor, lalu na sa mga mahahalagang prayoridad ng bayan at daigdig. Halimbawa, may 8 kababaihan sa ministerial position sa gobyerno ng UAE. Bilang karagdagan ay ang kanilang kontribusyon sa kasanayan, kadalubhasaan sa bawat posisyon tulad ng kanilang sigla, oras, kalusugan, seguridad, paghuhusga, agham, indsutriya, kultura, at kahusayan.

## Pagsuporta sa Katayuan ng Kababaihan

Ang World Economic Forum report sa 2016 na nagbibigay daan sa pagkakapantay-pantay ng bawat kasarian ay naghayag sa UAE ng mga sumusunod na katayuan:

- First (literacy subindex);
- First (secondary education enrollment subindex);
- First (female/male birth gender ratio subindex);
- Eighth (wage equality subindex).

Ang UAE ay hindi tumitigil sa pagsisikap na suportahan ang posisyon ng kababaihan sa bayan at pandaigdigan. Kaya naman, ang May 2015 cabinet decision ay nagdesisyon na bumuo ng 'UAE Gender Balance Council' na naglalayon sa lahat ng uri ng trabaho.

Ang lupon ay nagsisikap na bawasan ang puwang dahil sa kasarian at lumikha ng pagkakapantay-pantay pagdating sa pagdedesisyon na kaugnay sa hangarin ng UAE na maging kasama sa unang 25 mga bansa na nagbibigay halaga sa gender equality by 2021

## ZHIC Emirati Women's Day

Bilang paggunita sa mahalagang okasyong nabanggit, ang ZHIC ay magsasagawa ng ilang mga aktibidad at pagdiriwang taun-taon para sa mga empleyado nito, kliyente, at lipunang nakapalibot dito. Lalu na, ang mga programang patungkol sa Emirati Women's Day. Magkakaroon dito ng lecture sa layunin ng kababaihan, kontribusyon nila sa lipunan, heritage shows, pagpapakita ng kultura na hango sa pagdiriwang. Bilang konklusyon, ang kababaihang Emirati ay kailangang magbigay pa ng mas maraming kontribusyon para pagsilbihan ang bayan at mapaunlad ito. Partikular, ang UAE ay nagsikap para pangalagaan ang kapakanan ng kababaihan at malampasan ang mga kahirapan nang sa gayo'y makapagsimula ang mga kababaihan ng maganda sa lahat ng uri ng gawain. Para paghandaan ang kinabukasan ng henerasyon.

دار زايـد للثقافـة الإسلامية
Zayed House For Islamic Culture


zhic.uae @zhic_uae zhic_uae zhic

800 555 اتصل على JUST CALL

P.O Box: 16090, Al Ain, U.A.E
www.zhic.ae contact@abudhabi.ae